# Mga Mahahalagang Katotohanan Tungkol sa Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis

Ang Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis (Emergency Contraception, EC) ay isang ligtas at epektibong paraan ng pagpigil ng pagbubuntis matapos ang pakikipagtalik.

### Isaalang-alang ang paggamit ng Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis (Emergency Contraception, EC) kung:

- Nakipagtalik ka ng walang proteksiyon, o
- Sa iyong palagay ang iyong pamigil ng pagbubuntis ay hindi gumana.

### Ano ang mga tableta para sa Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis?

Ang mga tableta para sa Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis ay naglalaman ng parehong mga gamot gaya ng sa mga pangkaraniwang pamigil ng pagbubuntis na tableta, at tumutulong na pigilan ang pagbubuntis. Mayroong tatlong uri ng mga tableta para sa Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis:

- Progestin-only pills (Plan B® One-Step, Next Choice®)
- Ulipristate acetate (ella®)
- Mataas na dosis ng mga karaniwang iniinom na pamigil ng pagbubuntis na tableta

### Huwag ng maghintay! Uminom kaagad ng EC.

- Pinakamabuting uminom agad ng EC; mas mabisa ang pag-inom ng EC kung iinumin ito ng mas maagap.
- Naipakitang ito ay mabisa ng hanggang 5 araw.
- Para sa dagdag na impormasyon, makipag-usap sa iyong parmasyutiko o doktor.

### Kapag ininom ng ayon sa tagubilin, ang Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis ay naipakitang ligtas at mabisa.

- Ang Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis ay maaaring magpababa ng peligro ng pagbubuntis ng hanggang 89 porsyento.
- Ang bisa ng EC ay nagbabago ayon sa uring ginamit at kung kailan ito ininom.
- Ang EC ang iminumungkahi lamang bilang backup at hindi dapat na gamitin bilang pangunahing paraan ng pagpigil ng pagbubuntis.
- Ang mga tableta para sa Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis ay hindi nagpoprotekta laban sa mga sakit na dulot ng pakikipagtalik, kabilang ang HIV/AIDS.

### Ano ang ginagawa ng EC:

- Ang mga tableta para sa Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis ay pumipigil ng pagbubuntis.
- Ang mga tableta para sa Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis ay hindi mabisa matapos na magkaroon ng pagbubuntis at hindi nito mapipinsala ang nabubuong sanggol.
- Ang mga tableta para sa Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis ay hindi kapareho ng RU-486 (isang tableta na pampalaglag)
- Ang paggamit ng mga tableta para sa Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis ay hindi makakaapekto sa kakayahan ng isang babae na magbuntis sa hinaharap.

### Mga gagawin matapos ang pag-inom ng mga tableta para sa Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis

- Kung ikaw ay sumuka matapos ang pag-inom ng mga tableta para sa Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis maaaring kailanganin mo na uminom ng isa pang dosis. Bago ka muling uminom, agad na makipag-ugnayan sa isang parmasyutiko o tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan.
- Kung hindi ka magkaroon ng normal na regla sa loob ng tatlong linggo, magsagawa ng pagsuri sa pagbubuntis (pregnancy test).
- Mahalagang bumisita sa iyong doktor o klinika para sa karaniwang paraan ng pagpigil ng pagbubuntis at impormasyon tungkol sa mga impeksyon na dulot ng pakikipagtalik.
- Ang mga tagapagbigay ng medikal o ang iyong parmasyutiko ay makakapagbigay ng Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis para sa hinaharap kung kinakailangan. t

Sa California, ang mga babae at lalake ay maaaring makatanggap ng mga libreng serbisyo para sa pagpaplano ng pamilya sa pamamagitan ng Family PACT batay sa kinikita.

Kung ikaw ay walang doktor o klinika, tumawag sa (800) 942-1054 upang makahanap ng tagapagbigay ng Family PACT na malapit sa iyo.

Sa ilalaim ng Batas para sa Abot-Kayang Pangangalaga (Affordable Care Act, ACA), Ang Emerhensiyang Pamigil ng Pagbubuntis ay maaaring masaklaw kung may reseta.

**ALAMIN AT MAG_INGAT:**
Makipag-usap sa iyong parmasyutiko!
CALIFORNIA STATE BOARD OF PHARMACY

**California State Board of Pharmacy**
2720 Gateway Oaks Drive, Suite 100
Sacramento, CA 95833

www.pharmacy.ca.gov
(916) 574-7900